## Welcome Message at the Kabataan (Youth) Jobs and Alternatives to Migration

**By Undersecretary Leon G. Flores III**
**Chairman and CEO, National Youth Commission**

**12 August 2011**
**SMX Convention Center, Pasay City, Philippines**

President Benigno S. Aquino III, Sec. Rosalinda Baldoz, Mr. Lawrence Jeff Johnson, DG Joel Villanueva, Ambassador Jorge de Bobadilla, Jacqui Badcock, Ugochi Daniels, Ovais Sarmad, friends from UNCT Agencies, other members of the diplomatic corps, partners in private sector, DOLE family, interns, employees, and volunteers from the National Youth Commission, my fellow Commissioners from NYC, Secretariat led by the indefatigable Ms. Ruth Georget, Security (PSG), Effective Media, our event organizer, guests, youth, student and community leaders, SKs, kabataang pilipino, ladies and gentlemen, Mabuhay! To our Muslim brothers and sisters, Assalamu'alaikum Warah Matullahi Wabarakatuh.

With a wide smile that spans from ear to ear I happily welcome you all to this year's "Kabataan: Jobs and Alternatives to Migration or KA JAM". Today marks the culmination of the celebration of 2011 as the International Year of the Youth. Today marks the worldwide celebration of the International Youth Day. Mga kabataang Pilipino, araw natin ito. So kindly look to the person on your right and greet him/her "Happy Youth Day!" And now, kindly look to the person on your left and say "Weh! Youth ka pa ba?"

Republic Act 8044 or the Youth in Nation-Building Act that created the National Youth Commission defines the youth as the ones ranging from 15-30 years of age. In this era of mutual partnership, understanding, and cooperation, age should not matter. In fact, we have in our midst today, people and partners whose hearts are for the youth. May I request those who are technically no longer youth to please stand, including our special guests here onstage to please stand. May I request the youth in the hall to please honor them by giving them a youthful round of applause. Thank you all. We thank you for continuing to invest in the country's youth. Rest assured, you can be guaranteed of safe returns on your investments. By showing up today, you've re-affirmed your commitment to youth development and because of that, you can be rightfully called Honorary Youth!

At this juncture, I would like to beg the indulgence of our foreign guests and partners. I will be speaking partly in Filipino given that this is our Buwan ng Wika. I appeal to their seatmates to just help translate for them. Alam nyo po, hindi po ako kasing makata o kasinggaling ng ating pangulo sa pagsasalita ng Filipino dahil ako'y Cebuano o Bisaya. Bisdak or Bisayang Dako. Alam nyo naman kaming mga Bisaya, medyo matigas ang mga dila namin at puro kami salitang ugat pagnagpiFilipino. Nauubusan po kami ng mga hulapi, gitlapi at unlapi. Ngunit kahit ilong ko man ay duguan, mamarapatin kong magsalita ng Filipino. Sabi nga ni Gat Jose Rizal "ang hindi magmahal sa kanyang wika, ay mahigit pa sa hayop at malansang isda." Hirap naman nun, sabi ko. Katawang baboy na nga ako, amoy isda pa.

Ito ang isa sa mga mensaheng nais nating iparating sa mga kabataan ngayon. Hindi ang pagkatawang-baboy kundi pagmamahal sa bayan. Napapanahon na upang bawat kabataang Filipino ay maging isang mabuting Pilipino. Wag nang mangahas na baguhin ang mundo. Baguhin muna natin ang mundong nakapaligid sa atin. Make a difference wherever you are. Alalahanin natin na noong inauguration ni Kuya Pnoy last year, mas nauna pa syang nanumpa kay Noel Cabangon bilang isang mabuting Pilipino bago sya nanumpa bilang pangulo. Si Kuya Pnoy ay mabuting Pilipino muna bago sya ay pangulo. Tayo man ay dapat mabuting Pilipino una. Kawani ng gobyerno pangalawa. Ang mag-aaral ay mabuting Pilipino una. Mag-aaral siya pangalawa. Pag tayong lahat ay mabuting Pilipino, mas mapapabilis natin at masusunod

ang payo ni Kuya Pnoy noong unang SONA na tayo'y humakbang mula sa pakikialam lamang tungo sa pakikilahok.

Deka-dekada na ang mga pagsubok na hinarap at patuloy na hinaharap ng kabataang pinoy. For example, patuloy tayong nagtatanong, where na Uth? Ika nga sa isang kanta…sa dinami-dami ng enhinyero, guro at karpintero dito sa atin. Ngunit bakit tila walang natira? Sa breakout session mamaya, sana'y kayo'y makibahagi sa usapin. Marapat lamang na mga panibagong solusyon ang ating itaguyod. Wasn't it Albert Einstein who said: insanity is defined as doing the same thing over and over again and expecting different results.

Totoy at Nene, kumilos ka, baliktarin ang tatsulok. Hikayatin natin ang ating mga kabarkada na maisakatuparan ang mga pangarap nila sa Farmville at mag-enroll na sa mga kursong pagAgrikultura o Forestry. Patotohanan ang hangaring magbuo ng restoran hindi lamang sa Restaurant City ng Facebook kundi sa tunay na buhay. Kailangan natin ng mas marami pang social entrepreneurs at namumuhunan. Malay natin, nasa hanay ninyo ang susunod na Edgar Sia II at makabuo ng bagong Mang Inasal. Sigurohin natin na ihahanda natin ang ating mga sarili. Be prepared to compete with the best in the world. Be ready to be employable. Only then shall we be able to address the job-skills mismatch that has long plagued our country.

Gamitin natin ang technolohiya upang manaliksik, ipalaganap ang mga oportunidad at magpamalas ng galing, talino at talento. Hindi sa pagbubully o pagmumura. Ikanga ni Howie Severino, think before you click. Katulad na lamang ngayon. Binabalangkas ng NYC ang Philippine Youth Development Plan – our blueprint for youth development. Sana'y makibahagi kayo sa usaping ito. Kailangan namin ang inyong mga mungkahi at suhestyon. But let us not stop at online involvement or virtual engagement. Hindi sapat ang pagLike ng mga kawsa. Hindi sapat ang pagtweet ng mga adbokasya. Ang tunay na pagbabago ay makakamit pag tayong lahat ay kumikilos at aktibong nakikilahok sa ating mga komunidad. Umaksyon para sa MDG o Millennium Development Goals or in Filipino, MDG – Mga Dapat Gawin.

Sabi nila, walang pakialam daw ang kabataan. Dahil sa halos isang dekada ng pagsisinungaling, panlilinlang, pandaraya at pagnanakaw, maiintidihan namin kung bakit kayo'y tila nawalan ng tiwala at kompyansa sa pamahalaan. Dahil kayo'y binawian ng boses, ayaw nyo na ring magparinig.

Ngunit may pakialam tayo. Napamalas natin ito nang tumugon ang kabataang Pinoy sa hagupit na dinulot ng bagyong Ondoy at Peping. Si Janella Lelis ng Malinao Albay man ay sinugod ang baha, malakas na hangin at ulan, maisalba lang ang ating bandila. Ang kabataang Pilipino ang magsisilbing tulay tungo sa tuwid na daan. Tayo ang gulugod na magbibigay buhay sa tunay na People Power, kabayanihan at kagyat na pagbabago. We are the spine that transmits life to People Power, heroism and genuine change.

That is why it is imperative that we address the infection of apathy and disengagement that eats into our consciousness. Puksain ang impeksyon ng kawalang pagpapahalaga. Patayin ang bacteria ng kawalang-aksyon. Binawian man tayo ng boses ng halos isang dekada, ipagsigawan natin ito ngayon. Hinog na ang panahon upang ang boses natin ay marinig at mamutawi. Hindi unkabogable ang mga utak wang-wang na iyan. Tanging tayong magkatropa ang puedeng kumabog sa mga trapong iyan.

There are almost 30 million Filipino youth. That means 1 out of 3 ng mga boss ni Pangulong Pinoy ay kabataan. Hindi ba't marapat lamang na ang boss na ito ay magpakitang gilas din? Na ang boses ng bosses ay marinig din? Tumulong tayong lahat sa pagbuo ng ating bansa.

Siguro'y sa dami na ng ating pinagdaanan, napapanahon na upang itigil ang panawagan at pagkilos para "Ibagsak! Ibagsak! Ibagsak!". Panahon naman upang magpanday. Magpanday ng isang bansang tumutugon sa hapdi ng kalamnan. Magbuo ng mga komunidad at institusyong sadyang nakikinig at nakikipagkapit-bisig sa taumbayan. Magpanday. Magbuo.

Huwag na nating iasa sa susunod na henerasyon ang pagbabago. Sabihin natin sa ating katabing nasa kanan: "Ikaw na!" Sumagot naman tayo sa ating kaliwa: "Ka Jam mo ako!"

Kami man ay handang tapatan ang inyong pagpupursige. Kaya andito kami ngayon, with our reliable partners from ILO, DOLE, TESDA, United Nations and other agencies, no less than our beloved President, kaming inyong mga abang lingcod, ay handang tumugon sa inyong mga isasangguni at mas lalong handang magsilbi at magsabi sa inyo, mga kabataang Pilipino ng: “Ka Jam Kita!”

Maraming salamat uli sa inyong pagdalo! Pagpalain nawa tayong lahat ni poong Bathala!

Mabuhay ang Kabataang Pilipino!